# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

## CBS 101 Ang Sangnilikha

**Conrad Jun Tolosa**

### Introduction

Ang Pag-aaral ng Biblia ay ang pag-aaral ng katotohanan (what is true), ng kabutihan (what is good) at ng katuwiran o pagka-matuwid (what is right). Sa unang apat na chapters ng Genesis ay binigyang kahulugan na ang Bibliya ang katotohanan, kabutihan at katuwiran:

### Ang Totoo, Mabuti at Tama Ayon Sa Bibliya

Sinabi ng Diyos kay Adan na maaari siyang kumain ng anumang prutas sa hardin ng Eden maliban sa bunga ng puno ng pagkaalam ng mabuti at masama. Sinalungat ng diablo ang sinabi ng Diyos kay Adan. Sinabi ng diablo na hindi mamatay si Adan maski siya ay kumain ng frutas na pinagbawal ng Diyos kundi siya ay magiging katulad ng Diyos na alam ang mabuti at masama. *Genesis 2:17, 3:1-5*

Nang kumain ng forbidden fruit si Adan, siya nga ay namatay agad-agad spiritually at after many years ay namatay din siya phisically. Gayun din si Eba. Naunawaan ni Adan at Eba na ang nagsabi ng katotohanan ay ang Diyos at hindi ang diablo. Samakutid, ang kahulugan na tinuturo ng Bibliya ay ito: ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos.

Sinasabi sa creation account na nasiyahan ang Diyos sa Kanyang mga ginawa at ginamit Niya ang salitang mabuti upang ihayag ang kasiyahang ito. Samakatuwid, ang mabuti ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos. *Genesis 1*

Tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel at tinanggihan naman ang handog ni Cain. Pinayuhan ng Diyos si Cain nang mapansin Niya na si Cain ay nanlugmok dahil dito. Ibig sabihin, ang handog ni Abel ay tama subalit ang handog ni Cain ay hindi tama o mali. Samakatuwid, ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. *Genesis 4:1-7*

### Ang Sansinukob

Tinuturo ng Bibliya na ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Banal na Espiritu ay magkakasama sa pagsilang ng sansinukob, at sa pamamagitan ng salita ng Diyos ang kalangitan ay ginawa at ang mga bituin sa pamamagitan ng hininga ng Kanyang bibig. *Genesis 1:1-2; John 1:1-3, 14; Psalm 33:6*

Nilikha ng Diyos ang tao sa sarili Niyang wangis. Ibig sabihin, may kakayahan ang tao na maisalarawan ang katangian ng Diyos. Kaya naman pala nagtaka si Job kung bakit *masyadong pinagkaka-abalahan ng Diyos ang tao* (*Job 7:17*). Ang tanong naman sa *Psalms 8:4* ay, *Ano ang tao na lagi Mo siyang inaalala, ang anak ng tao na iyong inaaruga?* Ang sinasabi naman sa Psalms *139:14* ay, *Kahanga-hanga at buong ingat ang paglikha ng Diyos sa tao*. Ang pagkalikha sa tao ay bukod-tangi.

Ang tao ay makapaglalarawan ng karunungan, katuwiran at kabanalan ng Diyos. Siya ay may talino, damdamin, at kakayahang magpasiya. Ang kanyang buhay ay maaaring magbunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, katapatan, kahinahunan, at pagtitimpi sa sarili. Kaya

naman masasabi natin na ang tao ay may dignidad sapagkat siya ay likha sa wangis ng Diyos at hindi dahil sa siya ay mayaman, tanyag o may mataas na puwesto sa lipunan. *Colossians 3:9-10; Ephesians 4:22-24; Galatians 5:22-23*

**Ang Layunin ng Tao.**

Tinuturo ng Bibliya na nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae, sa sarili Niyang wangis. At pagkatapos, sila ay Kanyang binendisyunan at sinabihang, *Maging mabunga kayo at magparami ng bilang; punuin ninyo ang mundo at supilin ito; Pagharian ninyo ang mga isda sa karagatan, mga ibon sa kalawakan, at lahat nang gumagalaw sa balat ng lupa.* Ang inilalarawan ng salitang ginamit sa pagbebendisyon ng Panginoon sa tao ay ang pagluhod. Kapag tayo ay nakaluhod sa harapan ng Diyos, dalawang bagay ang ating pinahihiwatig: pagsamba at pagpapasakop. Samakatuwid, ang pagpapala ng tao ay nasa pagsamba at paglilingkod sa kanyang Maylikha. Ang kanyang kaligayahan ay kalakip ng dalawang bagay na ito. *Genesis 1:27-28*

Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng ating pagmamahal sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanya at sa mga kamangha-mangha Niyang ginawa. Ito ay ang pagbibigkas ng mga dakilang katangian ng Diyos. Ito ay ang pagbibigkas ng karapatan ng Diyos na tumanggap ng lahat ng kaluwalhatian, karangalan at pasasalamat. Samantala, ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagpapatupad ng Kanyang layunin para sa tao.

Tinuturo rin ng Bibliya na ang tamang paglilingkod sa Diyos ay paglilingkod lamang sa Kanya at sa walang iba pa, at walang makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Isa dito ay kanyang mamahalin at ang isa ay kanyang kamumuhian. Hindi mo magagawang maglingkod sa Diyos at sa Salapi. *Matthew 4:10; 6:24*

***Multiple Choice:***

1. Sa first four chapters ng Genesis, binigyan kahulugan ang:
    a. makatotohanan, mabuti at makatuwiran.
    b. katotohanan, kabutihan at katuwiran.
    c. Lahat ng nasa itaas.

2. Alin sa mga statement ang hindi tama?
    a. Naunawaan nila Adan at Eba kung sino ang nagsasabi ng katotohanan sapagkat sila ay namatay agad spiritually.
    b. Ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos.
    c. Nagsabi ang Diablo ng katotohanan sapagkat hindi agad namatay sina Adan at Eba.

3. Alin sa mga statement ang hindi tama?
    a. Hindi nakinig si Abel sa payo ng Diyos kaya naghandog siya ayon sa kanyang paraan.
    b. Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti sapagkat ito ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.
    c. Ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos.

4. Alin sa mga statement ang hindi tama?
    a. Ang tao ay nilikha ayon sa sariling wangis ng Diyos.
    b. Ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Banal na Espiritu ay magkakasama sa pagsilang ng sansinukob.
    c. Dahil ang tao ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos, para na rin siyang diyos.

5. Alin sa mga statement ang tama?
    a. Ang tao ay may dignidad dahil sa kakayahan niyang mapa-unlad ang kanyang sarili.
    b. Ang tao ay may dignidad dahil sa kanyang estado sa buhay at sa lipunan.
    c. Ang tao ay may dignidad sapagkat siya ay nilikha sa wangis ng Diyos.

6. Ang buhay ng tao ay maaaring magbunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, katapatan, kahinahunan, at pagtitimpi sa sarili, pagkaalam ng lahat ng bagay na tinatawag nating bunga ng Espiritu.
    a. True
    b. False

7. Ang lalaki at babae na nilikha ng Diyos ay kanyang binendisyunan na nagpapahiwatig ng kanilang:
    a. pag-ibig sa Diyos.
    b. pagsamba at pagpapasakop sa Diyos.
    c. pagsunod sa Diyos.

8. Ang tao na nalikha ng Diyos ay inatasan Niyang:
    a. magparami ng bilang, punuin ang mundo at supilin ito at maghari-harian sa mundo.
    b. magparami ng bilang, punuin ang mundo at supilin ito at pagharian ang lahat ng tao, mga isda, ibon at lahat ng gumagalaw sa lupa.
    c. magparami ng bilang, punuin ang mundo at supilin ito at pagharian ang lahat ng mga isda, ibon at lahat ng gumagalaw sa lupa.

9. Paano natin sinasamba ang Diyos?
    a. Pagbigkas ng ating pagmamahal sa Kanya.
    b. Pagbibigay puri sa Kanyang ginawa.
    c. Pagbigkas ng karapatan Diyos na tumanggap ng lahat ng karangalan at pasasalamat.
    d. Lahat ng nasa itaas.

10. Alin sa mga statement ang hindi tama?
    a. Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagtupad ng tao sa kanyang layunin dito sa mundo.
    b. Maaari tayong maglingkod sa Diyos at sa salapi basta maisasaayos natin ang ating priorities.
    c. Ang tamang paglilingkod sa Diyos ay paglilingkod sa Kanya lang at wala ng iba pa.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.